# Lesson 16:
# Dalawang Pagkabuhay na Mag-uli?

**1. Ano ang itinawag ni Cristo sa Kaniyang sarili?**

*Juan 11:25* Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya.

**2. Magkaroon ba ng higit pa sa isang pagkabuhay na mag-uli?**

*Juan 5:28* Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig,

*Juan 5:29* At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Daniel 12:2* At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang hanggang pagkapahamak.

*Gawa 24:15* Na may pagasa sa Dios, na siya rin namang hinihintay nila, na magkakaroon ng pagkabuhay na maguli ng mga ganap at gayon din ng mga di ganap.

**3. Kailan magaganap ang unang pagkabuhay na mag-uli?**

*1 Corinto 15:52* Sa isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin.

*1 Tesalonica 4:16* Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli.

**4. Sino ang bubuhayin sa pagkabuhay na mag-uling ito?**

*1 Tesalonica 4:16* … at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli.

*Apocalipsis 1:7* Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya. Gayon din, Siya nawa.

Sila na tumuya sa Kaniya at humampas sa Kaniya ay naroroon lahat. Ang mga saserdote at mga pinuno ay mamamasdang muli ang tagpo sa bulwagan ng paghatol. At sila na nagsipanalangin ng, "Ang Kaniyang dugo ay sumaamin, at sa aming mga anak", ay tatanggapin ang tugon sa kanilang panalangin.

**5. Ano ang mangyayari pagkatapos na ang mga patay ay bumangon?**

*1 Corinto 15:52* …at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin.

*1 Corinto 15:53* Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Awit 17:15* Tungkol sa akin, aking mamasdan ang iyong mukha sa katuwiran: ako'y masisiyahan pagka bumangon sa iyong wangis.

*1 Corinto 15:42* Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may kasiraan; binubuhay na maguli na walang kasiraan;

*1 Corinto 15:43* Itinatanim na may pagkasiphayo; binubuhay na maguli na may kaluwalhatian: itinatanim na may kahinaan; binubuhay na maguli na may kapangyarihan.

**6. Ano ang tatanggapin ng mga matuwid?**

*Filipos 3:21* Na siyang magbabago ng katawan ng ating pagkamababa, upang maging katulad ng katawan ng kaniyang kaluwalhatian...

**Karagdagang pag-aaral:**

*1 Corinto 15:54* Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan.

**7. Ang mga matuwid kaya’y magdurusa muli ng kamatayan?**

*Lucas 20:36* Sapagka't hindi na sila maaaring mangamatay pa: sapagka't kahalintulad na sila ng mga anghel; at sila'y mga anak ng Dios, palibhasa'y mga anak ng pagkabuhay na maguli.

**8. Ano ang mangyayari matapos tanggpin ng mga matutuwid ang kawalang kamatayan?**

*1 Tesalonica 4:17* Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man.

**9. Ano ang magiging tugon ng mga buhay na matuwid kapag kanila nang makitang dumarating ang Panginoon sa mga alapaap?**

*Isaias 25:9* At sasabihin sa araw na yaon, Narito, ito'y ating Dios; hinintay natin siya, at ililigtas niya tayo: ito ang Panginoon; ating hinintay siya, tayo'y matutuwa at magagalak sa kaniyang pagliligtas.

**10. Ano naman ang magiging tugon ng mga masasama kapag kanila nang makitang dumarating ang Panginoon sa mga alapaap?**

*Apocalipsis 6:16* At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Isaias 2:19* At ang mga tao ay magsisipasok sa mga yungib ng malalaking bato, at sa mga puwang ng lupa, sa harap ng kakilabutan sa Panginoon, at sa kaluwalhatian ng kaniyang kamahalan, pagka siya'y bumangon upang yaniging may kapangyarihan ang lupa.

*Isaias 2:20* Sa kaarawang yaon ay ihahagis ng mga tao ang kanilang mga diosdiosang pilak, at ang kanilang mga diosdiosang ginto, na kanilang ginawa upang sambahin, sa yungib ng mga bilig at ng mga paniki;

*Isaias 2:21* Upang pumasok sa mga puwang ng malalaking bato, at sa mga bitak ng mga malaking bato, sa harap ng kakilabutan sa Panginoon, at sa kaluwalhatian ng kaniyang kamahalan, pagka siya'y bumangon upang yaniging may kapangyarihan ang lupa.

*Oseas 10:8* Ang mataas na dako naman ng Aven, ang kasalanan ng Israel ay masisira: ang mga tinik at ang mga dawag ay sisibol sa kanilang mga dambana; at sasabihin nila sa mga bundok, Takpan ninyo kami; at sa mga burol, Mahulog kayo sa amin.

*Lucas 23:30* Kung magkagayon ay magpapasimulang sabihin nila sa mga bundok, mangahulog kayo sa ibabaw namin; at sa mga burol, Takpan ninyo kami.

**11. Ano ang mangyayari sa mga masasama sa panahong iyon?**

*2 Tesalonica 2:8* At kung magkagayo'y mahahayag ang tampalasan, na papatayin ng Panginoong Jesus ng hininga ng kaniyang bibig, at sa pamamagitan ng pagkahayag ng kaniyang pagparito ay lilipulin.

**12. Ano naman ang mangyayari sa mga matutuwid sa panahong iyon?**

*Apocalipsis 20:6* Mapalad at banal ang makalakip sa unang pagkabuhay na maguli: sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan; kundi sila'y magiging mga saserdote ng Dios at ni Cristo, at mangaghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon.

**13. Ano ang gagawin ng mga matuwid sa loob ng isang libong mga taong iyon doon sa langit?**

*Apocalipsis 20:4* At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol…at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon.

*1 Corinto 6:2-3* O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga banal ay magsisihatol sa sanglibutan?

*1 Corinto 6:3* Hindi baga ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel?

**Karagdagang pag-aaral:**

*2 Pedro 2:4* Sapagka't kung ang Dios ay hindi nagpatawad sa mga anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila'y ibinulid sa impierno, at kinulong sa mga hukay ng kadiliman, upang ilaan sa paghuhukom.

*Judas 1:6* At ang mga anghel na hindi nangagingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan, ay iniingatan niya sa mga tanikalang walang hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw.

**14. Ano ang mangyayari sa mga katawan ng masasama sa loob ng isang libong mga taon na ito?**

*Isaias 26:21* Sapagka't, narito, ang Panginoon ay lumalabas mula sa kaniyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa lupa dahil sa kanilang kasamaan: ililitaw naman ng lupa ang kaniyang dugo, at hindi na tatakpan ang kaniyang nangapatay.

*Jeremias 25:33* At ang mapapatay ng Panginoon sa araw na yao'y magiging mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa: sila'y hindi tataghuyan, o dadamputin man, o ililibing man; sila'y magiging dumi sa ibabaw ng lupa.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Jeremias 4:25* Ako'y nagmasid, at, narito, walang tao, at lahat ng mga ibon sa himpapawid ay nangakatakas.

*Jeremias 4:26* Ako'y nagmasid, at, narito, ang mainam na parang ay ilang, at, lahat ng mga bayan niyaon ay nangasira sa harapan ng Panginoon, at sa harap ng kaniyang mabangis na galit.

**15. Ano ang mangyayari kay Satanas sa loob ng isang libong mga taon na ito?**

*Apocalipsis 20:2* At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo at Satanas, at ginapos na isang libong taon,

*Apocalipsis 20:3* At siya'y ibinulid sa kalaliman at sinarhan, at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang huwag ng magdaya sa mga bansa, hanggang sa maganap ang isang libong taon: pagkatapos nito ay kailangang siya'y pawalang kaunting panahon.

Ano ang kahulugan ng "kalaliman"? Ito ba ay malaking hukay na doon ihuhulog si Satanas? Ang salitang Griego para sa kalaliman ay "abussos" at ang katulad na salita na ginamit sa Genesis 1:2 para sa "ang kalaliman". Kung ang katulad na interpretasyon ang gagamitin, kung magkagayon, ang lupa ay "walang anyo at walang laman" kung ano ito bago ang paglalang (Jeremias 4:23-26). Ito'y madaling maunawaan sa liwanang ng katotohanan na bago at pagkatapos dumating ni Cristo ay magkakaroon ng nakapanghihilakbot na mga lindol, malalaking granizo ang babagsak, gayundin ang mga bansa, at mga kabundukan ay makikilos, atbp. (Ang Apocalipsis 16, tangi na ang mga talatang 17-21; Apocalipsis 6:14; Isaias 24:1-3). Si Satanas ay mabibilanggo sa lupang ito na wasak (Apocalipsis 12:9), na wala ng matutukso o mapahihirapan

sa loob ng isang libong mga taong ito, na nagagapos. Ang mga masasama ay nawasak na ng kaningningan ng pagdating ni Cristo (2 Tesalonica 2:8) at ang mga matuwid naman ay nasa langit na kasama ang Diyos na pinag-aaralan ang mga talaan para sa huling yugto ng paghuhukom (Apoc. 20:4).

*Jeremias 4:23* Aking minasdan ang lupa, at, narito, sira at walang laman; at ang langit ay walang liwanag.

*Jeremias 4:24* Aking minasdan ang mga bundok, at narito, nagsisiyanig, at ang lahat na burol ay nagsisiindayon.

*Jeremias 4:25* Ako'y nagmasid, at, narito, walang tao, at lahat ng mga ibon sa himpapawid ay nangakatakas.

*Jeremias 4:26* Ako'y nagmasid, at, narito, ang mainam na parang ay ilang, at, lahat ng mga bayan niyaon ay nangasira sa harapan ng Panginoon, at sa harap ng kaniyang mabangis na galit.

*Apocalipsis 16:17* At ibinuhos ng ikapito ang kaniyang mangkok sa hangin; at lumabas sa santuario ang isang malakas na tinig, mula sa luklukan na nagsasabi, Nagawa na:

*Apocalipsis 16:18* At nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog; at nagkaroon ng malakas na lindol, na di nangyari kailan man mula nang magkatao sa lupa, isang lindol na lubhang malakas, lubhang kakilakilabot.

*Apocalipsis 16:19* At ang dakilang bayan ay nabahagi sa tatlo, at ang mga bayan ng mga bansa ay nangaguho: at ang dakilang Babilonia ay napagalaala sa paningin ng Dios, upang siya'y bigyan ng inuman ng alak ng kabagsikan ng kaniyang kagalitan.

*Apocalipsis 16:20* At tumakas ang bawa't pulo, at ang mga bundok ay hindi nangasumpungan.

*Apocalipsis 16:21* At malaking granizo na kasinglaki ng talento ay lumagpak sa mga tao buhat sa langit, at namusong ang mga tao sa Dios dahil sa salot na granizo; sapagka't ang salot na ito ay lubhang malaki.

*Apocalipsis* 6:14 At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan.

*Isaias 24:1* Narito, pinawawalan ng laman ng Panginoon ang lupa, at sinisira, at binabaligtad, at pinangangalat ang mga nananahan doon.

*Isaias 24:2* At mangyayari, na kung paano sa mga tao, gayon sa saserdote; kung paano sa alipin, gayon sa kaniyang panginoon; kung paano sa alilang babae, gayon sa kaniyang panginoong babae; kung paano sa mamimili, gayon sa nagbibili; kung paano sa mapagpahiram, gayon sa manghihiram; kung paano sa mapagpatubo, gayon sa pinatutubuan.

*Isaias 24:3* Ang lupa ay lubos na mawawalan ng laman, at lubos na masasamsaman; sapagka't sinalita ng Panginoon ang salitang ito.

*Apocalipsis 12:9* At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya.

*2 Tesalonica 2:8* At kung magkagayo'y mahahayag ang tampalasan, na papatayin ng Panginoong Jesus ng hininga ng kaniyang bibig, at sa pamamagitan ng pagkahayag ng kaniyang pagparito ay lilipulin.

*Apocalipsis 20:4* At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus, at dahil sa salita ng Dios, at ang mga hindi sumamba sa hayop, o sa kaniyang larawan man, at hindi tumanggap ng tanda sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon.

**16. Kailan magaganap ang ikalawang pagkabuhay na mag-uli?**

*Apocalipsis 20:5* Ang mga iba sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon. Ito ang unang pagkabuhay na maguli.

Kung babasahin ayon sa konteksto, ito'y pangungusap na nasa panaklong at tumutukoy sa ikalawa, at hindi sa unang pagkabuhay na mag-uli.

**17. Ano ang mangyayari kay Satanas sa pagtatapos ng isang libong mga taon?**

*Apocalipsis 20:7* At kung maganap na ang isang libong taon, si Satanas ay kakalagan sa kaniyang bilangguan,

*Apocalipsis 20:8* At lalabas upang dumaya sa mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa…

**18. Ano ang mananaog mula sa langit na kasama ng mga banal?**

*Apocalipsis 21:2* At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa.

**Karagdagang pag-aaral:**

*Apocalipsis 21:10* At dinala niya akong nasa Espiritu sa isang malaki at mataas na bundok, at ipinakita sa akin ang bayang banal na Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios.

**19. Ano ngayon ang gagawin ni Satanas kasama ang mga masasamang binuhay muli? At gaano sila karami?**

*Apocalipsis 20:8* … upang tipunin sila sa pagbabaka: na ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat.

**20. At sa huling pagtatangkang talunin si Cristo, dinaya ni Satanas ang masasama na isiping magagawa nila sa pamamagitan ng sarili nilang lakas na maagaw ang Bagong Jerusalem. Ano ang ipagagawa niya sa kanila? Sila ba'y magtatagumpay?**

*Apocalipsis 20:9* At nangagsipanhik sila sa kalaparan ng lupa, at kinubkob ang kampamento ng mga banal, at ang bayang iniibig: at bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y nasupok.

Ang lawang apoy ay inihanda talaga para sa diablo at sa kaniyang mga anghel, at hindi para sa mga tao (Mateo 25:41). Kung tatanggi tayong tanggapin ang probisyong ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng sakripisyo ng Kaniyang Anak, makakabahagi din naman tayo sa kanilang sasapitin.

*Mateo 25:41* Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel.

**21. Anong propesiya ang natupad sa pangyayaring ito?**

*Zacarias 14:9* At ang Panginoo'y magiging Hari sa buong lupa: sa araw na yao'y magiging ang Panginoon ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa.

**22. Maari bang sumunod tayo sa higit pa sa isang panginoon?**

*Mateo 6:24* Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon...

**23. Ano ang kinakailangang harapin ng bawat isa sa atin ngayong mga huling araw?**

*Joel 3:14* Mga karamihan, mga karamihan sa libis ng pasiya! sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay malapit na sa libis ng pasiya.

At sa maluwalhating araw ng pagdating ni Cristo, ang bawat isa sa atin at tatayo sa piniling panig (Mateo 12:30). Bago pa man ang araw na iyon, ay nararapat na tayong gumawa ng pagpapasiya. Nawa'y tanggapin natin ang kamangha-manghang probisyon na buong pagpapalang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Italaga na natin an gating mga puso at buhay sa Kaniyang kalooban upang tayo'y mapabilang sa mga magsasabi sa araw na iyon, "Narito, ito'y ating Diyos; hinintay natin Siya, at ililigtas Niya tayo" (Isaias 25:9). Huwag nga nating pahintulutan si Satanas na maibilang tayo sa lubhang karamihan na babagsak sa kaniyang daya ng kalikuan (2 Tesalonica 2:9-12).

*Mateo 12:30* Ang hindi sumasa akin ay laban sa akin; at ang hindi nagiimpok na kasama ko ay nagsasambulat.

*2 Tesalonica 2:9* Siya, na ang kaniyang pagparito ay ayon sa paggawa ni Satanas na may buong kapangyarihan at mga tanda at mga kahangahangang kasinungalingan,

*2 Tesalonica 2:10* At may buong daya ng kalikuan sa nangapapahamak; sapagka't hindi nila tinanggap ang pagibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas.

*2 Tesalonica 2:11* At dahil dito'y ipinadadala sa kanila ng Dios ang paggawa ng kamalian, upang magsipaniwala sila sa kasinungalingan:

*2 Tesalonica 2:12* Upang mangahatulan silang lahat na hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi nangalugod sa kalikuan.